TITLE: Never Too Young WALANG BATA KAY LORD

TEXT: John 6: 5-13

DATE: November 7, 2021

Big Idea: Jesus uses a boy's small meal to feed over five thousand people, showing us that He can use even our meager offerings to accomplish great things. Gumamit si Hesus ng baong pagkain ng isang batang lalaki para pakainin ang limanglibong katao, pagpapakita na kaya nyang gumamit ng kahit kaunti para gumawa ng malalaking bagay.

Introduction:

- The only miracle performed by Jesus that was recorded in all four Gospels is the Feeding of the multitudes with 5 loaves and two fish. Ang natatanging himala ni Hesus na makikita sad apat na Ebanghelyo ay ang pagpapakain sa madla gamit ang 5 tinapay at 2 isda.
- Another important thing to note from this Scripture: Who is it that has the loaves and fish to begin with? A boy. Not a grownup, not a disciple, not a Pharisee, not a Sadducee, but a boy. A kid. Isa pang mahalagang bagay na dapat tandaan mula sa Kasulatan : Isa pang kailangang tandaan dito: Sino ang may dala ng tinapay at isda? Yung batang lalaki. Hindi isang matanda o isang disipulo o pariseo o saduceo, ngunit isang bata.
- Whenever we study about the feeding of the 5,000, we typically hear about Jesus, the crowd, or the disciples, but we often neglect this important character. His story teaches us so much. No one would have imagined that what he was carrying in his little basket would not only be the provision of the moment, but the basis of one of the most significant sermons Jesus ever preached. Tuwing pinag-aaralan natin ang kwentong ito, lagi nating naririnig ang tungkol kay Hesus, sa mga tao, o sa mga disipulo pero may isang tauhan na hindi nababanggit. Ang kwento niya ay may itinuturo sa atin. Walang mag-aakala na ang dala dala nya ay tutugon sa pangangailangan noong oras na iyon at magiging basehan ng isa sa pinakamahalagang sermon ni Hesus.

**I. Be In A Position Where Jesus Can Do Something Great** [Lumagay sa posisyon kung saan makakagawa si Hesus ng mga Dakilang Bagay]
"Here is a boy…" v.9a

- The Lord knows us all. He knows where we are, what we have, and how we can be used. Kilala tayo ng Diyos. Alam Nya kung nasaan tayo, ano ang mayroon tayo, at kung paano tayo magagamit sa kaharian Nya.
- Jesus knew what miracle He was about to perform, but wanted to use the opportunity to teach His disciples. Alam ni Hesus kung anong himala ang Kanyang gagawin, nais Nya lamang na gamitin ang pagkakataon upang turuan ang mga disipulo Nya.
- For Jesus this wasn't only about getting a job done (feeding the multitude), but also about teaching His disciples along the way. Para kay Hesus, ito ay hindi lamang paggawa ng dapat Nyang gawin, ngunit ito ay tungkol sa pagtuturo sa kanyang mga alagad.

**Two Responses were exhibited here:** Dalawang tugon na ipinakita dito:

**Worldly Response** Makamundong Tugon

- Phillip, one of the disciples, tried to solve the problem facing them with worldly thinking. When Jesus asked the disciples how they were going to feed the people, Phillip talked about how much money it would take to buy food for everyone. And it was going to be a lot of money! Si Felipe ay nagtangkang lutasin ang problema sa pamamagitan ng makamundong pamamaraan. Nang nagtanong si Hesus kung paano papakainin ang mga tao, nag alala si Felipe sa halaga na kakailanganin sa pagkain ng lahat. At ito ay malaking halaga!
- We're guilty of that same kind of thinking, aren't we? Our first reaction to a problem is usually a worldly reaction, isn't it? Ganoon din tayo, di ba? Gumagamit din tayo ng makamundong pamamaraan sa mga problema natin.
- It would be more effective to take things to God to begin with. It's also a lot less stressful. Think heavenly, not worldly. Mas magiging epektibo kung uunahin nating dalin ang ating mga suliranin sa Diyos. Maging makalangit at hindi makamundo,

**Heavenly Response** [Tugong makalangit]

- We often limit God in the same way like Philip. We always think in terms of money and how much it would take to carry out God's work in a small way. Kadalasan ay nililimitahan natin ang Diyos kagaya ni Felipe. Tumitingin tayo sa sitwasyon na gamit ang sarili nating maliit na pamamaraan.
- But Jesus wanted to use a completely different approach and provide in a big way. Ngunit nais ni Hesus na gumamit tayo ng ibang pamamaraan, isang malaking pamamaraan.
- Andrew brought a boy from the crowd, carrying a few loaves of bread and some fish. **Notice the providence of God in bringing the boy there.** We do not know his name or anything about him. Was he a little vendor selling food? Nagdala si Andrew ng isang bata na may daladalang tinapay at isda. Pansinin ang ginawa ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan. HIndi natin alam pangalan nya. Tindero kaya yung bata doon?
- We don't know his name but it did not matter; he had the barley loaves and fish upon which the people were to be fed. Hindi man natin alam ang kanyang pangalan, napakain naman niya ang mga tao.
- A person who is willing to serve his Master, even if nobody sees him but his Master is the happiest of men. Pinaka maligaya daw ang taong naglilingkod sa Diyos kahit walang nakakakita sa kaniya.

**II. Be Willing To Offer What You Have To Jesus** [Maging handa na ibigay kay Hesus ang anuman na mayroon ka]

"…a boy with five small barley loaves and two small fish, but how far will they go among so many?"- v.9b

A. We all have something to offer. Mayroon tayong maibibigay.

- We will never know what person God is going to use, nor to what extent, but that doesn't mean God doesn't see us. We all have something to offer. Hindi man natin alam kung sino ang gagamitin ng Diyos, nakikita pa rin tayo ng Panginoon.

B. We must offer ourselves wholeheartedly. Ihandog natin ang ating sarili na buo sa puso.

- When we offer what we have to God, he can multiply it. Pararamihin ng Diyos ang ibinibigay natin sa Kanya.
- When we try to earn God's favor or work our way up to being someone for the kingdom, we forget that we already are someone in God's kingdom. Kapag tayo ay nagpipilit na makuha ang pabor ng Diyos, nakakalimutan natin na tayo ay pinaburan na ng Diyos sa Kaharian Nya.
- The day the boy gave his loaves and fish to Jesus was not meant to draw attention to his generosity, though it is noteworthy. The purpose of the story was to highlight the Messiah who used what this boy had to glorify God. Noong araw na ibinigay nung batang lalaki ang tinapay at isda, hindi nya hinangad na makakuha ng atensyon ng tao. Ang layunin ng storyang ito ay para maitaas ang Mesias na gumamit ng kahit anong meron ang bata para maluwalhati ang Diyos.
- Christianity is not about performance, it is about our heart attitudes. They have not taken them from him by force; the Master would not have allowed it: the boy willingly gave them up. Ang Kristiyanismo ay hindi tungkol sa pagpapasikat, ito ay patungkol sa pananaw ng puso. Ang isda at tinapay ay hindi kinuha ng sapilitan mula sa bata, ngunit ang mga ito ay taos pusong binigay ng bata.

**APPLICATION**

- We don't have to do big things for God. Living faithfully in relationship with Jesus paves the way for us to make a difference through the simplest acts of generosity and service, for His glory. Wala tayong malalaking bagay mula sa Diyos nguit mayroon tayong mga bukas na kamay at paglilingkod para sa Kanyang kaluwalhatiaan.
- Remember, the miracle did not happen in the Master's hands, it happened in the disciples' hands. Tandaan na ang himala ay nangyari sa kamay ng mga disipulo, hindi kay Hesus.
- It happened because the Master had blessed it and they did what the Master told them to do with what was blessed. Ito ay dahil naging masunurin ang mga alagad. Naganap ang himala dahil pinahintulutan ni Hesus at dahil din sa pagsunod nila sa Kanya.
- Anything that you take away from self and give to Christ is well invested; it will often bring in ten thousand per cent. Ano man ang ating kuhanin sa ating mga sarili at ibigay natin kay Hesus ay isang magandang pamumuhunan. Ito ay nagdadala ng 10,000 na interes.

**CHALLENGE:** Jesus showed us through this miracle that He can use even our meager offerings to accomplish great things. We don't have to do big things for God. Align yourself to Him and be in a position where Jesus can do something great and be willing to offer what you have to Jesus! Ipinakita ni Hesus na sa pamamagitan ng himala ay magagamit Nya ang mga maliliit na handog natin para makagawa ng mga dakilang bagay. Ihanay natin ang ating sarili sa Kanya at lumagay sa posisyon na kung saan makakagawa Siya ng matitinding bagay sa buhay natin.

**DISCUSSION:**

1. What is one small thing you have that you can offer to the Lord? Ano ang isang maliit na bagay na mayroon ka na pwede mong ialay sa Diyos?
2. In what way can you use it for the Lord's purpose? Share. Paano mo gagamitin ito para sa mga layunin ng Diyos? Ibahagi.